# PHILIPPINE PEDIATRIC SOCIETY, INC.

*A Specialty Division of PMA*

52 Kalayaan Avenue, Diliman, Quezon City, Philippines 1101
Tel. Nos. 926-6758, 926-67-59 Fax No. (632) 926-2381
E-mail: ppsinc@pps.org.ph website: http://www.pps.org.ph



**OFFICERS 2020-2022**

**JOSELYN A. EUSEBIO, M.D.**
*President*

**FLORENTINA U. TY, M.D.**
*Vice President*

**CESAR M. ONG, M.D.**
*Secretary*

**JACQUELINE O. NAVARRO., M.D.**
*Assistant Secretary*

**WILFREDO R. SANTOS, M.D.**
*Treasurer*

**JOSEFINO A. REGALADO, M.D.**
*Assistant Treasurer*

**SALVACION R. GATCHALIAN, M.D. +**
*Immediate Past President*

**ALEXANDER O. TUAZON, M.D., M.D.E.**
*Past President*

**BOARD OF TRUSTEES 2020 – 2022**

DENNIS JAMES E. ABSIN, M.D.
ANNILYN A. BERGANTE, M.D.
FRANCIS XAVIER M. DIMALANTA, M.D.
JOSELYN A. EUSEBIO, M.D.
EILEEN S. NAVARROZA, M.D.
ANNA LISA T. ONG - LIM, M.D.
CESAR M. ONG, M.D.
MICHAEL M. RESURRECCION, M.D.
EDWIN V. RODRIGUEZ, M,D.
WILFREDO R. SANTOS, M.D.
FLORENTINA U. TY, M.D.


Ika-17 ng Nobyembre 2020

Minamahal naming mga magulang,

Ang Kagawaran ng Kalusugan (DOH) at ang mga Lokal na Pamahalaan ay magsasagawa ng *Measles, Rubella* at *Oral Polio Vaccine Supplemental Immunization Activity (MR-OPV SIA)* o malawakang pagbabakuna ng *Measles-Rubella (MR)* at *Oral Polio Vaccine (OPV)* para mapigilan ang banta ng tigdas o *measles outbreak*, pagdami ng kaso ng *rubella* sa mga susunod na buwan, at masugpo ang *polio outbreak*. Ang aktibidad na ito ay magsisimula sa ika-26 ng Oktubre hanggang ika-25 ng Nobyembre 2020 sa buong Rehiyon ng Mindanao at Rehiyon I, II, IV-B, V at CAR sa Luzon; at sa buong buwan ng Pebrero 2021 sa Rehiyon III, IV-A, NCR at Visayas. Babakunahan ng *Measles-Rubella vaccine* ang mga batang may edad na 9-59 buwang taong gulang, at ng *Oral Polio vaccine* ang mga batang may edad na 0-59 buwang taong gulang.

Ang mga bata ang higit na nasa panganib sa banta ng tigdas, *polio*, at *rubella*. Ang mga nakakahawang sakit na ito ay maaaring magdulot ng matitinding kumplikasyon, at maaaring ikamatay.

Kasama ng DOH ang *World Health Organization (WHO), United Nations Children's Fund (UNICEF), Philippine Pediatric Society (PPS)* at ang mga kasaping lokal na *pediatricians* sa pagtaguyod ng kampanya para maprotektahan ang ating mga bata sa banta ng tigdas, *polio* at *rubella*. Mahalaga na mabigyan ng mga karagdagang *"dose"* ng bakunang *MR* at *OPV* ang inyong mga anak, dahil bakuna lamang ang makapagbibigay sa kanila ng proteksyon sa mga sakit na nabanggit.

Malugod namin kayong inaanyayahan na suportahan ang malawakang pagbabakuna at dalhin ang inyong mga anak sa pinakamalapit na *Health Center* o sa mga *temporary vaccination post* ng inyong lugar. Maaari kayong makipag-ugnayan o magtanong sa inyong mga lokal na opisyal o sa mga health worker / barangay health worker para sa detalye ng *MR-OPV SIA*.

Panahon na upang tayo ay magkaisa at sama-sama nating itaguyod ang kalusugan ng kabataang Pilipino.

Maraming salamat.

Lubos na gumagalang,

**Joselyn A. Eusebio, MD, FPPS, FPSDBP**
Pangulo
Philippine Pediatric Society